

POSIYON NG PAMANA-ZAMBALES
(PANLALAWIGANG ASOSASYON NG MAMAMAYANG AYTA
NAGKAKAISA NG ZAMBALES)
SA PAGSUSULONG NG BATAS HINGGIL SA KARAPATAN SA
SAPAT NA PAGKAIN (HOUSE BILL NO. 61 O ZERO HUNGER
BILL)

Kaming mga kasapi ng PAMANA-ZAMBALES ay nagpapahayag ng mga sumusunod:

1. **YAYAMANG**, ang karapatan sa sapat na pagkain ay kinikilala sa maraming mga pandaigdigang kasunduan tulad ng Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkalinangan, Pandaigdig na Kasunduan sa mga Karapatan ng Bata, Kumbensyon sa Karapatan ng mga Taong may Kapansanan, at Internasyunal na Kumbensyon ukol sa Pagpawi ng Lahat ng Porma ng Pagtatangi-tangi Laban sa Kababaihan;
2. **YAYAMANG**, ang pamahalaan ay kinikilala bilang na may pangunahing pananagutan na itaguyod ng karapatan sa sapat na pagkain;
3. **YAYAMANG**, ang kawalan ng pambansang polisiya hinggil sa karapatan sa sapat na pagkain ay di-pagtupad ng pamahalaan sa kanyang tungkulin;
4. **YAYAMANG**, sa mga ilog sa munisipyo ng Botolan, Cabangan, San Felipe at San Marcelino ay maraming katutubo ang nagba-blacksand mining. Nilalason ng kontaminadong tubig na galing sa ilog ang mga isda at pananim. Nagkakasakit ang mga tao dahil sa

alibabok lalo na kapag tag-init dahil sa paghahakot ng truck-truck na blacksand. Sa kabundukan naman ng Cabangan, Masinloc, Candelaria at Santa Cruz ay chromite, nickel at copper gold ang minimina. Dahil dito, natatabunan ng putik na mula sa minahan ang mga bukirin. Ang karagatan ay namumula din sa putik na galing sa minahan kaya lumalayo ang mga isda. Naitataboy ang mga katutubo dahil sa malawakang pag-apruba ng mga pastulan o Pasture Lease Agreement. Sinisira ng mga ka-bakahan ang aming mga pananim.

5. **YAYAMANG**, dahil sa patuloy na pagsira ng kagubatan at ilog na syang pangunahing pinagkukunan namin ng pagkain, nagdudulot ito ng malawakang kahirapan at kagutuman sa hanay naming mga katutubo. Idagdag pa dito ang kawalan ng panlipunang proteksyon at serbisyo, at alternatibong hanapbuhay;
6. **YAYAMANG**, hangad naming mga katutubo na malutas ang suliranin sa kagutuman ng ating bansa na kung saan ang bawat pamilyang Pilipino ay may sapat na pagkain sa bawat hapag;
7. **YAYAMANG**, naniniwala kami na makakamit natin ito kung may pambansang polisiya na titiyak sa karapatan sa sapat na pagkain.

Kaya kami ay sumusuporta at nanawagan na gawing ganap na batas ang House Bill 61 o Zero Hunger Bill!

Elsa B. Novo

Pangulo

PAMANA-ZAMBALES